SANDIWA
SPECIAL ISSUE
OPISYAL NA PAHAYAGAN NG ST. MARTIN OF TOURS CREDIT AND DEVELOPMENT COOPERATIVE
Marso 2025 Bocaue, Bulacan

# HALALAN 2025

Kami ay nagagalak na ilahad sa inyo ang mga kandidato para sa 2025 St. Martin Coop General Election. Ang lahat ng mga kandidatong ito na inyong pagpipilian ay mga kasaping may mabuting katayuan sa ating Kooperatiba at nakapasa sa mga pamantayan bilang kandidato. Pili na para sa mas maunlad na bukas ng ating Kooperatiba.

## Mga kandidato para sa BOARD OF DIRECTORS – DISTRICT I, pumili ng tatlo (3)



### 1. VALERIANO, HERMINDA Z.

60, nakatira sa Bambang, Bocaue, Bulacan. Nagtapos ng mga kursong Bachelor of Science in Management and Industrial Engineering sa Mapua Institute of Technology at Air Traffic Controller sa Civil Aviation Authority of the Philippines. Nagtrabaho bilang empleyado sa loob ng 15 taon at sa kasalukuyan ay isang business entrepreneur. Naninilbihan bilang Tagapangulo ng Lupong Patnugutan at Long-Range Planning Committee Chairperson ng St. Martin Coop., Chairperson din ng Print Media Dealers Organization of the Philippines, Adviser sa St. Martin of Tours Catholic Charismatic Community, Presidente ng St. Paul College of Bocaue Batch '81, P.R.O. ng St. Paul College of Bocaue Alumni Association at 1st VP ng Catholic Women's League. Maybahay ni Angelo Valeriano at mayroong tatlong anak.



### 2. GUILLERMO, JR., ERNESTO U.

57, nakatira sa Sulucan, Bocaue, Bulacan. Nagtapos ng Master of Science in Teaching Science. Sa kasalukuyan ay Senior High School Principal ng Emilio Aguinaldo College-Cavite kung saan siya ay Team Member din ng Quality Management System. Naninilbihan bilang Miyembro ng Lupong Patnugutan at Tagapangulo ng Education and Training Committee ng St. Martin Coop. Kasalukuyan din siyang Vice-Chairperson ng Mediation and Conciliation Committee ng National Federation of Cooperatives (NAFECOOP). Member ng City of Dasmariñas Association of Private Schools at ng Cavite ACE (DX2ACE). Pinarangalan bilang Dean of the Year sa taong 2023. Napanatili niya ang pagwawagi ng Emilio Aguinaldo College-Cavite sa iba't-ibang paligsahan katulad ng pagkamit ng PACUCOA Accreditation at sustainability ng blended learning modality para sa Senior High School students. Kasal kay Rosanna G. Guillermo na kasalukuyang Library Head ng St. Paul College of Bocaue, at mayroon silang apat na anak.



### 3. CABANGIS, SOLEDAD DELA VEGA (ATTY.)

56, nakatira sa Lalakhan, Sta. Maria, Bulacan. Nagtapos ng BS Psychology ("cum laude") mula sa St. Paul College, Manila at Bachelor of Laws mula sa Arellano Law Foundation. Nagkamit ng General Weighted Average na 84% sa 2001 Bar Exams. Kasalukuyang Manager ng Subtransmission Management Department sa National Transmission Corporation. Direktor ng St. Martin Coop. Pangalawang Tagapangulo ng Lupong Patnugutan ng National Confederation of Cooperatives at Kalihim ng Association of Asian Confederation of Credit Unions. Kinilala bilang Alagad ni Rizal, at siyam na beses pinagkalooban ng Gawad ng Pangulo ng Transco Award. Kasal kay Engr. Noel Cabangis at mayroon silang dalawang anak.



### 4. LOPEZ, LUNINGNING P.

57, nakatira sa Sta. Cruz, Guiguinto, Bulacan. Nagtapos ng kursong Bachelor of Science in Commerce Major in Accounting sa University of Batangas, taong 1988. Kasalukuyang namamahala ng negosyong imprenta at bookkeeping services sa Guiguinto, Bulacan. Naging BOD Member ng Rosaryville Subdivision Home Owners' Association at nanungkulan bilang Presidente ng Parent & Teacher Fellowship (PTF) sa Garden Angel Integrated School taong 2014-2015 at 2015-2016 sa Borol 1st, Balagtas, Bulacan. Kasal kay Angeles M. Lopez at mayroong apat na anak na lahat ay nakatapos ng kolehiyo.



### 5. ARCIAGA, REGGIE C.

38, residente ng Wawa, Balagtas, Bulacan. Nagtapos ng kursong Bachelor of Science in Marine Transportation. Dati siyang seafarer at ngayon ay pinapatakbo ang kanilang negosyong bucheron. Member siya ng Citizen's Crime and Anti-Graft Movement. Kasal kay Cindy Arciaga.



### 6. DE GUZMAN, FREDERICK E. (DR.)

54, residente ng Bambang, Bocaue, Bulacan. Siya ay nagtapos ng kursong Doctor of Dental Medicine. Siya ay isang Public Health Dentist sa bayan ng Bocaue. Nanungkulan bilang dating BOD Member ng St. Martin Coop. Aktibo siyang kasapi ng Philippine Dental Association, Kapisanan ng mga Dentista sa Bulacan, at Bocaue Chorale Society. Kasal kay Iluminada C. De Guzman at mayroong tatlong anak.

## Mga kandidato para sa BOARD OF DIRECTORS – DISTRICT III, pumili ng isa (1)



### 1. ANATALIO, LIGAYA M.

62, residente ng San Pablo, Malolos City, Bulacan. Siya ay nagtapos ng kursong Bachelor of Commerce Major in Accounting. Nagtatrabaho sa Philippine Health Insurance Corporation sa loob ng halos 35 taon at kasalukuyang Senior Social Insurance Officer. Butihing maybahay ni Crisaldo H. Anatalio.



### 2. LLANITA, ROBERTO A.

50, residente ng Sabang, Baliuag City, Bulacan. Siya ay nagtapos ng kursong Bachelor in Elementary Education at kasalukuyang nag-aaral sa Doctoral Program ng naturang kurso. Mayroong posisyon bilang Principal IV sa Silvestre Lazaro Elementary School at aktibong kasapi ng Philippine Elementary School Principals' Association. Ginawaran ng mga parangal bilang Valenzuela South Outstanding Teacher (2002) at Superintendent's Awardee noong taong 2011.



### 3. ESPINOLA, FLORENTINA R.

60, residente ng Sta. Rita Guiguinto, Bulacan. Nagtapos ng kursong Bachelor of Science in Mathematics at may Master's Degree in Education Major in Mathematics. Pinangangasiwaan niya ang kanilang laundry shop, tutorial center, convenience store at apartment business. Naninilbihan bilang miyembro ng Lupong Patnugutan at Tagapangulo ng Credit and Delinquency Committee ng St. Martin Coop. Aktibo din siya sa iba't-ibang samahan kagaya ng Auditor ng PASKA at miyembro ng LecCom SPPC Sta. Rita Village na pawang mga religious organizations, Committee Coordinator ng Sta. Rita Village Home Owners' Association, at BOD member ng Bulacan Cooperatives Hall of Fame League Union. Kasal kay Nelson T. Espinola at mayroong tatlong anak.

## Mga kandidato para sa BOARD OF DIRECTORS – DISTRICT IV, pumili ng isa (1)



### 1. MALAPANDAN, AMY A.

41, residente ng Santa Ines, San Miguel, Bulacan. Nagtapos ng kursong Bachelor of Science in Food Technology. Siya ang nangangasiwa ng kanilang hardware business at tindahan. Butihing kabiyak ni Adrian Malapandan, isang OFW, at mayroong tatlong anak.



### 2. MALABAGO, OFELIA D.

60, residente ng Bantog, San Miguel, Bulacan. Siya ay nagtapos ng kursong Bachelor of Science in Commerce Major in Management. Isa siyang Licensed Real Estate Broker at aktibong kaanib sa Couples for Christ. Siya ay Trustee at Chief Operating Officer ng School of Mount St. Mary, Inc. mula 1998 hanggang sa kasalukuyan. Director at General Manager ng Oro Development Corporation (real estate company) mula 1988 hanggang sa kasalukuyan. Trustee at Project Coordinator ng Kalinangan Foundation for Community Development (socialized housing). Biyuda at mayroong apat na anak.



### 3. SIOSON, SHEILA S.

29, nakatira sa Bardias, San Miguel, Bulacan. Siya ay nagtapos ng kursong Bachelor of Science in Business Administration Major in General Management. Siya ay nagtatrabaho bilang Technical Support/Advisor I sa Concentrix.

## Mga kandidato para sa **AUDIT COMMITTEE,** pumili ng isa (1)



### 1. CAPULONG, REYNETH D.

43, residente ng Turo, Bocaue, Bulacan. Siya ay nagtapos ng kursong Bachelor of Science in Computer Engineering at kasalukuyang nagtatrabaho bilang Senior IT Specialist sa Maersk GSC Phils. Ltd. Siya ay may certification bilang ITIL Level IV passer. Kasal kay Michael Capulong at mayroong isang anak.



### 2. CABAL, MARIE LOUIE D.

38, nakatira sa Bambang, Bocaue, Bulacan. Siya ay nagtapos ng kursong Bachelor of Science in Accountancy at nagtatrabaho bilang Senior Accountant sa isang pribadong kumpanya. Naglilingkod bilang Kalihim ng Lupong Tagasuri ng St. Martin Coop. Siya ay butihing kabiyak ni Bienvenido Cabal, Jr. at mayroong dalawang anak.



### 3. CABALQUINTO, RIZALIE L.

45, nakatira sa Tuktukan, Guiguinto, Bulacan. Siya ay nagtapos ng kursong Bachelor of Science in Banking and Finance. Isa siyang online seller. Kasalukuyang Ingat-Yaman ng Oro Villas Home Owners' Association. Butihing maybahay ni Roberto Cabalquinto at mayroong isang anak.

---

## Mga kandidato para sa **ELECTION COMMITTEE,** pumili ng dalawa (2)



### 1. ESPONGA, REX Z.

42, nakatira sa Biñang 2$^{nd}$, Bocaue, Bulacan. Siya ay nagtapos ng kursong Bachelor of Science in Education Major in Elementary Education. Siya ay kasalukuyang Day Care Teacher ng Barangay Sulucan sa Bocaue, Bulacan. Naging Pangalawang Pangulo ng SPPC Biñang 2$^{nd}$.



### 2. MAGNO, LIBERTY S.

59, nakatira sa Sulucan, Bocaue, Bulacan. Siya ay nagtapos ng kursong Bachelor of Science in Business Administration. Kasalukuyan niyang pinapatakbo ang negosyong Watergate Pumps and Well Services sa Bocaue. Aktibo sa simbahan kung saan siya ay Adviser ng Hymns of Praise at Member ng Pamilya ng Diyos Community. Naglingkod din siya bilang dating Barangay Kagawad. Isa siyang biyuda at mayroong tatlong anak.



### 3. JIAO, JOSE MANUEL R.

52, nakatira sa Poblacion 2, Marilao, Bulacan. Nagtapos ng kursong Bachelor of Science in Commerce Major in Business Management. Kasalukuyang General Manager ng negosyo ng kanilang pamilya na manufacturing at trading enterprise. Aktibo siyang kasapi ng Rotary Club of Marilao Highlands kung saan siya ay may posisyon bilang Membership Director at kasalukuyang Auditor ng Bulacan Supremo Eagles' Club. Tumanggap din siya ng mga parangal katulad ng Leadership Award, Best Performing Club President at Paul Harris Fellow. Kasal kay Mercidita A. Jiao at mayroong dalawang anak.




### 4. BALAGTAS, ANNA MARIE DR.

27, nakatira sa Taal, Bocaue, Bulacan. Nagtapos ng kursong Bachelor of Science in Accountancy at isang Assistant Head Accountant sa pribadong kumpanya. Siya ay butihing maybahay ni Brian May Balagtas.

# BOTO mo sa PLEBISITO, Pwede kang MANALO

**1st Prize - P3,000.00 / 2nd Prize - P2,000.00 / 3rd Prize - P1,000.00 / Consolation Prize (8 winners) - P500.00**




## MUNGKAHING PAGBABAGO SA PANUNTUNANG PANGHALALAN NG ST. MARTIN OF TOURS CREDIT AND DEVELOPMENT COOPERATIVE

| UMIIRAL NA PROBISYON | MUNGKAHING PAGBABAGO | PALIWANAG |
|---|---|---|
| **ARTIKULO I PANGKALAHATANG PROBISYON**<br>SEKSYON 4 ANG MANGHAHALAL<br>**4.1.3** Nakadadalo sa mga pagpupulong ng Kooperatiba minsan man lamang sa loob ng isang (1) taon. | 4.1.3 Nakadadalo sa mga pagpupulong ng Kooperatiba minsan man lamang sa loob ng isang taon sa nakalipas na tatlong (3) taon | Iminumungkahi na magtakda ng cut-off period para sa mga kasaping nakadalo sa pagpupulong ng Kooperatiba na isa sa pagbabatayan ng bilang ng mga maaaring bumoto |
| **ARTIKULO I PANGKALAHATANG PROBISYON**<br>**SEKSYON 5. ANG KANDIDATO**<br>5.1 Tanging ang mga kasapi na may mabuting katayuan at nagtataglay ng mga sumusunod na katangian ang maaaring ihalal sa mga posisyong bakante:<br>5.1.3 Napanatiling Borrower “A” ang credit record batay sa nakasaad sa credit policy sa loob ng isang taon bago sumapit ang tinakdang halalan; | **ARTIKULO I PANGKALAHATANG PROBISYON**<br>**SEKSYON 5. ANG KANDIDATO**<br>5.1 Tanging ang mga kasapi na may mabuting katayuan at nagtataglay ng mga sumusunod na katangian ang maaaring ihalal sa mga posisyong bakante:<br>5.1.3 Walang past due na higit sa isang araw at isang beses lamang sa loob ng isang taon maaaring mag-past due ng isang araw bago ang itinakdang halalan. | Iminumungkahing baguhin ang probisyong ito upang bigyan ng kaunting luwag ang kwalipikasyon na kinakailangan upang maging kandidato |
| **ARTIKULO II**<br>**PANUNTUNAN SA PANGANGAMPANYA**<br>**SEKSYON 1. PAGPAPAKILALA NG KANDIDATO**<br>1.1 Ibabatay ang paglalathala ng pagkakasunud-sunod ng kanilang pangalan, larawan at maiksing curriculum vitae sa Sandiwa, tarpaulin, balota at maging sa computer screen ayon sa kalalabasan ng “draw lots” o palabunutan na isasagawa ng Lupon sa Halalan. | **ARTIKULO II**<br>**PANUNTUNAN SA PANGANGAMPANYA**<br>**SEKSYON 1. PAGPAPAKILALA NG KANDIDATO**<br>1.1 Ibabatay ang paglalathala ng pagkakasunud-sunod ng kanilang pangalan, larawan at maiksing curriculum vitae sa Sandiwa, tarpaulin, Coop Website at FB Page ayon sa kalalabasan ng “draw lots” o palabunutan na isasagawa ng Lupon sa Halalan. | Iminumungkahing baguhin ang probisyong ito dahil sa bagong “feature” ng Electronic Voting System ay maaari ng maging “random” ang pwesto ng mga kandidato sa balota. |
| **ARTIKULO III**<br>**PAGPILI NG KANDIDATO**<br>**SEKSYON 1. PAGHAHANAP NG KANDIDATO**<br>**1.1 SUB-SEARCH COMMITTEE**<br>**1.1.2.5** May kasanayan at kakayahang maghanap ng karapat-dapat na kandidato. | **ARTIKULO III**<br>**PAGPILI NG KANDIDATO**<br>**SEKSYON 1. PAGHAHANAP NG KANDIDATO**<br>**1.1 SUB-SEARCH COMMITTEE**<br>**1.1.2.5** May kasanayan at kakayahang maghanap ng karapat-dapat na kandidato. Siya ay hindi dapat hihigit sa 63 taong gulang sa panahon ng kanyang pagkakatalaga; | Iminumungkahing baguhin ang probisyong ito upang matiyak na magagampanan ng maayos ng mga itinalagang Sub-search committee members ang kanilang tungkulin. |
| **ARTIKULO IV**<br>**PANUNTUNAN SA HALALAN**<br>**SEKSYON 1. PANGDISTRITONG HALALAN**<br>1.2 Ang botohan ay magaganap kasabay ng pagdaraos ng Koopulungan. Ang oras, lugar, at araw ng pagboto ay itatakda ng Lupon sa Halalan. | **ARTIKULO IV**<br>**PANUNTUNAN SA HALALAN**<br>**SEKSYON 1. PANGDISTRITONG HALALAN**<br>1.2 Ang oras, lugar, araw at paraan ng pagboto ay itatakda ng Lupon sa Halalan dalawang linggo bago ang koopulungan. | Iminumungkahing baguhin ang probisyong ito upang iakma na ang pagdaraos ng halalan ay naaayon na sa oras, lugar, araw at paraan na itatakda ng Lupon sa Halalan upang maisaalang-alang ang higit na tagumpay nito. |

| UMIIRAL NA PROBISYON | MUNGKAHING PAGBABAGO | PALIWANAG |
|---|---|---|
| **ARTIKULO IV**<br>**PANUNTUNAN SA HALALAN**<br>**SEKSYON 1. PANGDISTRITONG HALALAN**<br>1.3 Kung sakaling may mangyaring "Force Majeure" o kaganapang hindi kontrolado gaya ng pandemya, digmaan, welga, kaguluhan, krimen, o isang kaganapan na kung ituring ay gawa ng Kalikasan ( tulad ng bagyo, baha, lindol, pagsabog ng bulkan, atbp.), na humahadlang upang maisakatuparan ang tradisyonal na halalan gamit ang "Electronic Election System", ang Kooperatiba ay maaring magpatupad ng iba pang kaparaanan tulad ng "Online Voting System" na ang oras at araw ng pagboto ay itatakda ng Lupon sa Halalan. | Tanggalin | Tatanggalin na ang probisyong ito upang umakma sa mungkahing pagbabago sa probisyon 1.2 |
| **ARTIKULO IV**<br>**PANUNTUNAN SA HALALAN**<br>**SEKSYON 3. ELECTRONIC VOTING SYSTEM**<br>Ang Lupon sa Halalan ang magtatakda sa screen format ng listahan ng pagkakasunud-sunod ng kandidato at layout ng pangkalahatang resulta ng halalan. | **ARTIKULO IV**<br>**PANUNTUNAN SA HALALAN**<br>**SEKSYON 3. ELECTRONIC VOTING SYSTEM**<br>May kakayanan ang Electonic Voting System ng Kooperatiba na gawing "random" ang pwesto ng mga kandidato sa balota. Sa gayon, ang pagkakasunod-sunod ng mga kandidato ay magkakaiba bawat botante. | Iminumungkahing baguhin ang probisyong ito upang magamit ang bagong 'feature' ng Electronic Voting System. Hindi na kakailanganin pa na mag draw-lots upang madetermina ang pwesto ng mga kandidato sa balota. |
| **ARTIKULO IV**<br>**PANUNTUNAN SA HALALAN**<br>**SEKSYON 3. ELECTRONIC VOTING SYSTEM**<br>**3.1 ORAS, ARAW AT LUGAR NG HALALAN**<br>Ang halalan sa bawa't distrito ay gaganapin kasabay ng Koopulungan. Kung magkakaroon ng "Force Majeure" o mga kaganapang hindi kontrolado, Idaraos ang halalan para sa limang (5) distrito sa oras, araw at lugar sa kaparaanang itatakda ng Lupon sa Halalan. Ang halalan sa bawa't distrito ay gaganapin nang hindi bababa sa labing-apat (14) na araw bago sumapit ang Pangkalahatang Pagpupulong. | Tanggalin | Tatanggalin na ang probisyong ito dahil ito ay natukoy na sa ARTIKULO IV<br>PANUNTUNAN SA HALALAN<br>SEKSYON 1. PANGDISTRITONG HALALAN |
| **PANUNTUNAN SA HALALAN**<br>**SEKSYON 3. ELECTRONIC VOTING SYSTEM**<br>**3.2 PARAAN NG PAGBOTO**<br>3.2.1 Maaring gamitin ang "Electronic Voting System" sa tulong ng IT Department o "Online Voting System" o anumang pamamaraan alinsunod sa itatakda ng Lupon sa Halalan. | Tanggalin | Tatanggalin na ang probisyong ito sapagkat Electronic Voting System na lamang ang magiging pangkalahatang itatawag sa "system" na gagamitin upang magsagawa ng eleksyon ang Kooperatiba |
| **PANUNTUNAN SA HALALAN**<br>**SEKSYON 3. ELECTRONIC VOTING SYSTEM**<br>**3.2 PARAAN NG PAGBOTO**<br>3.2.2 Magtatalaga ang Lupon sa Halalan ng mga Committee Representatives o COMREP upang magmasid, umagapay at tiyakin ang kaayusan ng pagboto. | Mula 3.2.2 ito ay magiging 3.2.1 | Itatama lamang ang numbering upang iaakma sa mungkahing pagtanggal sa 3.2.1 |
| **PANUNTUNAN SA HALALAN**<br>**SEKSYON 3. ELECTRONIC VOTING SYSTEM**<br>**3.2 PARAAN NG PAGBOTO**<br>3.2.3 Alinsunod sa itinakdang pamamaraan ng Lupon sa Halalan ang isang kasapi:<br>3.2.3.1 Gamit ang Electronic Voting System<br>Ay personal na magsasadya sa lugar na pagdarausan ng Koopulungan na itinakda para sa sangay na kanyang kinabibilangan upang bumoto. Ang manghahalal na matanda, mahina, may karamdaman o hindi gaanong maalam sa pagamit ng "Computer" ay maaaring alalayan ng COMREP, Member Assistant o isa sa kanyang mga kaibigan o kaanak.<br>3.2.3.2 Gamit and Online Voting System<br>Ay maaring bumoto kahit saan gamit ang "Cellphone or Computer" na konektado sa Internet o magsadya sa mga itinakdang "Polling Precinct" ng Lupon sa Halalan. | 3.2.2 Alinsunod sa itinakdang pamamaraan ng Lupon sa Halalan ang isang kasapi ay maaring bumoto kahit saan gamit ang "Computer" o kahit anong "mobile device" na konektado sa Internet o magsadya sa mga itinakdang "Polling Precinct" ng Lupon sa Halalan. | Iminumungkahing baguhin na ang probisyong ito upang iakma sa mungkahing pagtanggal sa 3.2.1. Itatama din ang numbering upang iayon sa mungkahing pag-alis sa 3.2.1 |
| **PANUNTUNAN SA HALALAN**<br>**SEKSYON 3. ELECTRONIC VOTING SYSTEM**<br>**3.2 PARAAN NG PAGBOTO**<br>3.2.4 Isang beses lamang maaaring bumoto ang isang kasapi sa bawa't halalan. | Mula 3.2.4 ito ay magiging 3.2.3 | Itatama lamang ang numbering upang iaakma sa mungkahing pagtanggal sa 3.2.1 |
| **PANUNTUNAN SA HALALAN**<br>**SEKSYON 3. ELECTRONIC VOTING SYSTEM**<br>**3.2 PARAAN NG PAGBOTO**<br>3.2.5 Kung ilan ang bilang ng bakanteng pwesto ay siya ring dapat na bilang ng kandidatong ihahalal sa balota upang basahin ng electronic machine. Ang balotang may kulang o labis na bilang ng kandidato ay ipapawalang-bisa. | **PANUNTUNAN SA HALALAN**<br>**SEKSYON 3. ELECTRONIC VOTING SYSTEM**<br>**3.2 PARAAN NG PAGBOTO**<br>3.2.4 Kung ilan ang bilang ng bakanteng pwesto ay siya ring | Iminumungkahing baguhin ang probisyong ito upang bigyang linaw na sa bagong "feature" ng Electronic Voting System ay hindi tatanggapin ang boto kung hindi sakto ang bilang ng kandidatong ihahalal. |

| UMIIRAL NA PROBISYON | MUNGKAHING PAGBABAGO | PALIWANAG |
|---|---|---|
| **SEKSYON 4. PAGBILANG NG BOTO**<br>4.1 Ang bawa't sangay ng Kooperatiba ay maglalaan ng dalawang (2) sipi ng election returns na may kanya-kanyang angkop na pananda na siyang titiyak sa oras, petsa, at lugar ng pagkakaimprenta. Bawa't sipi ay may lagda ng Lupon sa Halalan.<br><br>4.2 Gamit ang Electronic Voting System<br>Pamamahalaan ng Lupon sa Halalan ang pagbubukas at pagbibilang ng resulta ng pang-distritong halalan sa harap ng Lupong Tagasuri, I.T. representative, ComRep, at isang Gold Member ng SMTCDC na itatalaga ng Lupon sa Halalan bago pa man ang takdang araw. Sila ay dapat naroroon sa pook ng halalan/koopulungan mula sa pagsasagawa ng botohan hanggang sa ang resulta ng halalan ay selyuhan ng Lupon sa Halalan upang kanilang lagdaan, bilang patotoo nila sa kaayusan at katiwasayan ng isinagawang proseso. Ang resulta ng halalan ay agad na ipaaalam sa mga kasapi sa araw ng Koopulungan sa pamamagitan ng pag-aanunsyo at pagpapaskil nito sa mga sangay ng Kooperatiba, website, memoranda at iba pang paraan ng komunikasyon para tiyakin ang katotohanan at integridad nito.<br><br>4.3 Gamit ang Online Voting System<br>Pamamahalaan ng Lupon sa Halalan ang "pag-gegenerate" ng resulta ng pang-distritong halalan sa harap ng Lupong Tagasuri, I.T. representative, MS Representative, ComRep, at isang Gold Member ng SMTCDC na itatalaga ng Lupon sa Halalan bago pa man ang takdang araw.<br>Ang "generated election results" ay kinakailangang sertipikahan ng Lupon sa Halalan, kinatawan ng Lupong Tagasuri, ComRep at isang Gold Member ng SMTCDC bilang patunay na ito ay wasto at sapat. Ang resulta ng halalan ay ipaaalam sa mga kasapi tatlong araw makaraan ang huling petsa ng halalan sa pamamagitan ng pag-aanunsyo at pagpapaskil nito sa mga sangay ng Kooperatiba, website, memoranda at iba pang paraan ng komunikasyon para tiyakin ang katotohanan at integridad nito.<br><br>4.4 Ang unang sipi ay ibibigay sa Lupon sa Halalan at ang ikalawang sipi naman ay sa Lupong Tagasuri na kailangang itabi sa vault ng Bunlo Branch sa ilalim ng pangangalaga ng Branch Cashier. Ang naturang resulta ay hindi maaaring ilabas sa vault nang walang nilagdaang pahintulot ng Lupon sa Halalan hanggang sa sumapit ang pagtutuos ng kabuuang boto matapos ang huling Koopulungan. | **SEKSYON 4. PAGBILANG NG BOTO**<br>4.1 Gamit ang Electronic Voting System agad na malalaman ang kinalabasan ng botohan at ito ay bubusisiin ng isang kinatawan mula sa Lupong Tagasuri o ng Internal Audit Department habang nagaganap ang bilangan ng boto. Ang resulta ng halalan para sa lupon ng patnugutan ay ipaaalam sa mga kasapi sa pagtatapos ng Sequential General Assembly kada distrito samantalang ang resulta naman para sa Lupong Tagasuri at Lupon sa Halalan ay ipababatid matapos ang halalan sa lahat ng distrito. Ipapaskil din ito sa website at FB page ng Kooperatiba para tiyakin ang katotohanan at integridad nito. | Iminumungkahing baguhin ang probisyong ito upang iakma sa kakayanan ng Electronic Voting System na makapag-generate agad ng resulta sa kahit na anong oras, araw at lugar. Nilinaw din dito kung kailan at saan iaanunsyo ang naging resulta ng halalan. |
| **SEKSYON 4. PAGBILANG NG BOTO**<br>4.5 Ang kabuuang resulta ng boto ay pagtitibayin ng Lupon sa Halalan at sa pagmamasid ng Lupong Tagasuri. | Mula 4.5 ito ay magiging 4.2 | Itatama lamang ang numbering upang iakma sa mungkahing pagbabago sa Seksyon 4.1 hanggang 4.4 |
| **SEKSYON 4. PAGBILANG NG BOTO**<br>4.6 Kung ang nakuhang boto ng dalawang kandidato ay pareho ang bilang, magsasagawa ang Lupon sa Halalan ng toss coin para sa tie breaker. | Mula 4.6 ito ay magiging 4.3 | Itatama lamang ang numbering upang iakma sa mungkahing pagbabago sa Seksyon 4.1 hanggang 4.4 |

| UMIIRAL NA PROBISYON | MUNGKAHING PAGBABAGO | PALIWANAG |
|---|---|---|
| Idadagdag | **SEKSYON 7. KINAKAILANGANG PAGSASANAY NG MGA OPISYAL NG KOOPERATIBA**<br>Dapat kumpletuhin ng mga opisyal ng kooperatiba ang mga kinakailangang pagsasanay ayon sa MC 2015-09 ng CDA sa loob ng unang taon ng kanilang termino. Ang hindi pagsunod sa mga kinakailangan na pagsasanay sa panahon ng kanilang termino ay magiging dahilan para sila ay mawalan ng karapatan na maihalal sa hinaharap o maitalaga sa anumang posisyon sa kooperatiba. Dapat tiyakin ng kooperatiba na ang lahat ng mga opisyal ay makasunod sa mandatong ito. | Idadagdag ang seksyon na ito upang sumunod sa Section 6 ng MC 2015-09 ng CDA kung saan ipinag-uutos na isama ng mga Kooperatiba ang mga kinakailangan na pagsasanay ng mga opisyal ng Kooperatiba sa kanilang mga alituntunin sa halalan. |
| **SEKSYON 7. PANAHON NG PAGPAPATUPAD**<br>Ang Panuntunang Panghalalan ay ipatutupad simula sa taong 2022.<br>Binigyang pansin at pinagkasunduan ng Lupong Patnugutan at ng Lupon sa Halalan ng St. Martin of Tours Credit and Development Cooperative sa karaniwang pagpupulong na ginanap noong ika-23 ng Enero, taong 2021. | **SEKSYON 8. PANAHON NG PAGPAPATUPAD**<br>Ang Panuntunang Panghalalan ay ipatutupad simula sa taong 2026.<br>Binigyang pansin at pinagkasunduan ng Lupong Patnugutan at ng Lupon sa Halalan ng St. Martin of Tours Credit and Development Cooperative sa karaniwang pagpupulong na ginanap noong ika-25 ng Enero, taong 2025 | Iniakma ang panahon ng pagpapatupad base sa kung kailan ito inaprubahan ng pangkalahatang kasapian |


# MUNGKAHING PAGBABAGO SA ARTICLES OF COOPERATION AND BY-LAWS NG ST. MARTIN OF TOURS CREDIT AND DEVELOPMENT COOPERATIVE


## ARTICLES OF COOPERATION

| UMIIRAL NA PROBISYON | MUNGKAHING PAGBABAGO | PALIWANAG |
|---|---|---|
| **ARTICLE X - CAPITALIZATION**<br>That the Authorized Share Capital of this Cooperative is SIX HUNDRED TEN MILLION PESOS (P610,000,000.00), Philippine currency, divided into:<br>a. Six million (6,000,000) common shares equivalent to Six Hundred Million Pesos (P600,000,000.00) with a par value of One Hundred Pesos (P100.00) per share; and<br>b. One hundred thousand (100,000) preferred shares equivalent to Ten Million Pesos (P10,000,000.00) with a par value of One Hundred Pesos (P100.00) per share. | **ARTICLE X - CAPITALIZATION**<br>That the Authorized Share Capital of this Cooperative is **EIGHT HUNDRED MILLION PESOS (P800,000,000.00)**, Philippine currency, divided into:<br>**a. Seven million nine hundred thousand (7,900,000)** common shares equivalent to Seven Hundred Ninety Million Pesos (P790,000,000.00) with a par value of One Hundred Pesos (P100.00) per share; and<br>b. One hundred thousand (100,000) preferred shares equivalent to Ten Million Pesos (P10,000,000.00) with a par value of One Hundred Pesos (P100.00) per share. | Naabot na ng Kooperatiba ang P610 M na authorized share capital nito kaya kinakailangan na itong baguhin at magtakda ng panibagong halaga. Tinataya na ang mungkahing halaga ay kayang maabot ng Kooperatiba sa loob ng lima hanggang |
| **ARTICLE XI - SUBSCRIBED AND PAID-UP SHARE CAPITAL**<br>That of the authorized share capital, the amount of P610,000,000.00 has been subscribed and P411,362,300.00 total subscriptions has been paid by the following member- | **ARTICLE XI - SUBSCRIBED AND PAID-UP SHARE CAPITAL**<br>That of the authorized share capital, the amount of P648,300,273.00 has been subscribed and 6,483,002 total subscriptions has been paid by the following member-subscribers: | Iniayon lamang ang halaga ng subscribed and paid-up share capital ng Kooperatiba base sa balanse nito nuong Disyembre 2024. |

## BY LAWS

| UMIIRAL NA PROBISYON | MUNGKAHING PAGBABAGO | PALIWANAG |
|---|---|---|
| **ARTICLE II - MEMBERSHIP**<br>**Section 6.** Minimum Share Capital Subscription. An applicant for membership shall subscribe at least twenty (20) shares and pay the value of at least five (5) shares upon approval of his/her membership. | **ARTICLE II - MEMBERSHIP**<br>**Section 6.** Minimum Share Capital Subscription. An applicant for regular membership shall subscribe at least twenty (20) shares and pay the value of at least five (5) shares upon approval of his/her membership. <u>On the other hand, associate membership applicant shall subscribe at least three (3) shares and pay it in full upon submission of the application for membership.</u> | Idinagdag lamang ang kinakailangang minimum share capital para sa mga nais na maging associate member bilang pagsunod na din sa payo ng CDA inspectors na dapat ito ay nakasaad din sa by-laws ng ating Kooperatiba. |
| **ARTICLE III – ADMINISTRATION**<br>**Section 18. Regular General Assembly Meeting**. The general assembly shall hold its annual regular meeting by sequential per district/branch and final G.A. meeting at the principal office of the Cooperative or at any place within the Philippines either through face to face or physical mass gatherings subject to restrictions issued by the Authorities or through videoconferencing and/or combination of physical attendance and videoconferencing within ninety (90) days after the close of fiscal year or on the date set by the Board of Directors. | **ARTICLE III - ADMINISTRATION**<br>**Section 18. Regular General Assembly Meeting.** The general assembly shall hold its annual regular meeting sequentially per district/branch, <u>starting with</u> <u>District V, which includes Cabanatuan and Guimba, followed by District IV, covering San Miguel; District III, comprising of Guiguinto and Baliuag; District II, which includes Pulong Buhangin, Sta. Maria, and Muzon; and concluding with District I, consisting of Población, Bunlo, Taal, Meycauayan, and Orani, which will also serve as the final G.A. Meeting of the Cooperative.</u> The meetings will be conducted at the principal office of the Cooperative or any place within the Philippines, either through face-to-face or physical mass gatherings, via videoconferencing, or a combination of both, within ninety (90) days after the close of the fiscal year or on the date set by the Board of Directors. | Iminumungkahi na ang Koopulungan para sa mga kasapi sa District I ang siya na ring magiging Final G.A. Meeting ng ating Kooperatiba. Layunin nito na mapababa ang gastos sa mga G.A. meetings gayundin ang oras o panahon na inilalaan para sa paghahanda nito. Gayundin, isinama na din sa probisyong ito ang komposisyon o bumubuo sa bawat Distrito. |


ST. MARTIN COOP
2025 ONLINE
GENERAL ELECTIONS
SCHEDULE
DISTRICT V
Branch: Cabanatuan and Guimba
Date: March 8, 2025 at 6:00 A.M. - March 15, 2025 at 10:00 A.M.
DISTRICT IV
Branch: San Miguel
Date: March 13, 2025 at 6:00 A.M. - March 22, 2025 at 10:00 A.M.
DISTRICT III
Branch: Guiguinto and Baliuag
Date: March 20, 2025 at 6:00 A.M. - March 29, 2025 at 3:00 P.M.
DISTRICT II
Branch: Pulong Buhangin, Sta. Maria and Muzon
Date: March 27, 2025 at 6:00 A.M. - April 5, 2025 at 10:00 A.M.
DISTRICT I
Branch: Poblacion, Bunlo, Taal, Meycauayan and Orani
Date: April 3, 2025 at 6:00 A.M. - April 12, 2025 at 10:00 A.M.
ELECTION FOR PLEBISCITE
DATE: MARCH 8, 2025 AT 6:00 A.M. - APRIL 26, 2025 AT 6:00 P.M.


ST. MARTIN COOP
2025 SEQUENTIAL
GENERAL ASSEMBLY MEETINGS
SCHEDULE
DISTRICT V
Branch: Guimba and Cabanatuan
Date and Time: March 15, 2025, Saturday • 8:30 A.M.
Videoconferencing via zoom LINK: https://bit.ly/SGA25D5
DISTRICT IV
Branch: San Miguel
Date and Time: March 22, 2025, Saturday • 8:30 A.M.
Videoconferencing via zoom LINK: https://bit.ly/SGA25D4
DISTRICT III
Branch: Guiguinto
Date and Time: March 29, 2025, Saturday • 8:30 A.M.
Videoconferencing via zoom LINK: https://bit.ly/SGA25D3A
Branch: Baliuag
Date and Time: March 29, 2025, Saturday • 1:30 P.M.
Videoconferencing via zoom LINK: https://bit.ly/SGA25D3P
DISTRICT II
Branch: Pulong Buhangin, Sta. Maria and Muzon
Date and Time: April 5, 2025, Saturday • 8:30 A.M.
Videoconferencing via zoom LINK: https://bit.ly/SGA25D2
DISTRICT I
Branch: Poblacion, Bunlo, Taal, Meycauayan and Orani
Date and Time: April 12, 2025, Saturday • 8:30 A.M.
Videoconferencing via zoom LINK: https://bit.ly/SGA25D1
FINAL GENERAL ASSEMBLY MEETING
Date and Time: April 26, 2025, Saturday • 1:00 P.M.
Venue: Sto. Niño Academy, Biñang 2nd, Bocaue, Bulacan